U.S. Department of Justice Community Relations [kaugnayan sa kommunidad] Service

# Pagpapangangalaga ng mga Bahay-sambahan

## Sa Pamamagitan ng Pagtuturo at Pag-uusap

Ang programa ng U.S. Department of Justice Community Relation Service's (CRS), Protecting Places of Worship, ay tinuturuan ang mga lokal na komunidad kung papaano pigilin at tumugon sa mga krimen ng kasuklaman ng nag-aasinta sa mga samahan pampananampalataya at itaguyod ang pag-uusap upang palakasin ang ugnayan sa pagitan ng pamahalaan, nagpapatupad ng batas, at mga komunidad na batay sa pananampalataya.

Ang tatlong-oras na programa ay tutugon sa magkakasunod-sunod na gawaing marahas laban sa mga bahay-sambahan sa mga maraming komunidad sa ibayo ng United States at inilunsad upang pataasin ang katiwasayan ng mga lokal na lunduyan ng pananampalataya. Kapag hiniling, nagtitipon ang CRS ng mga dalubhasa sa paksa ng usapin upang magkaloob ng buod ng mga batas ukol sa krimen n -kasuklaman, estadistika, at pinag-aaralang kaso, at katiwasayan ng lugar. Pinadadali din ng programa ang pag-uusap at pinahuhusay ang samahan sa pagitan ng nagpapatupad ng batas at mga komunidad na batay sa pananampalataya.

### Mga Layunin ng Program

- Turuan ang mga komunidad tungkol sa pagpigil ng mga krimen ng kasuklaman pagtugon
- Magkaloob ng mga best practice [pinakamahusay na gawi] at gamit-yaman tungkol papaano tiyaking ligtas ang mga bahay-sambahan at tumugon sa mga kalagayang mayroong active shooter [namamaril sa pinatitipunan ng maraming tao]
- Pinahuhusay ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga sangay ng pamahalaan at mga pinunong batay sa pananampalataya sa komunidad

### Buod ng Programa



#### Sangguniang Pampag-usig ng mga Krimen ng Kasuklaman]

Tinatalakay ng mga kinatawan mula sa lokal na U.S. Attorney's Office at tanggapan ng taga-usig ng county o estado, ang mga federal at estado na kautusan laban sa krimen ng kasuklaman upang madagdagan ang pagkabatid ng madla ng mga paraang pag-uulat ng mga krimen ng kasuklaman at pag-uusig.

#### Mga Estadistiko at Pagsusuri Tungkol sa mga Krimen ng Kasuklaman

Nagtatanghal ang mga kinatawan mula sa mga federal na nagpapatupad ng batas o kilalang samahan pang-civil-rights, ng datos at takbo ng mga krimen ng kasuklaman at nagpapakita ng mga kamakailang halimbawa ng mga krimen ng kasuklaman na nangyari sa mga bahay-sambahan.

#### Pagtugon sa mga Active Shooter at Gawing Ligtas ang mga Bahay-Sambahan

Nagpapakita ang mga dalubhasa mula sa federal, estado, o lokal na nagpapatupad ng batas, ng mga buod tungkol sa pagtugon sa active shooter at mga pinakamahusay na gawi para tasahin ang kaligtasan ng mga bahay-sambahan.

#### Sanggunian ng mga Pinuno ng Komunidad na Batay sa Pananampalataya

Nagtatanghal ang isang lupon ng mga pinuno ng pananampalataya at komunidad ng mga estratehiya upang pahusayin ang pakikipag-usap at pagtiwala sa nagpapatupad ng batas, mga dalubhasa pangkaligtasan, at mga komunidad na batay sa pananampalataya.


## Tungkol sa CRS

Itinatag ng Title X ng Civil Rights Act noong 1964, ang mga serbisyo ng CRS ay pinalawak ng Matthew Shepard at James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009. Ang CRS, isang bahagi ng United States Department of Justice, ay nagsisilbi bilang "America's Peacemaker" para sa mga komunidad na humaharap ng pagkabahala o pagtatalo batay sa pagkakaiba ng lahi, pagkilala ng kasarian, kiling pang-sexual, pananampalataya, at kapansanan. Sa pamamagitan ng mga serbisyong pinagkakaloob ng CRS, dinadagdagan ng sangay ang kakayahan ng mga kasapi ng komunidad, nang nakapag-iisa at sama-sama,na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapataas ng kaalaman, at pakipag-usapan sa kani-kanila.

## Mga Programa ng CRS

Nagkakaloob ang CRS ng isang hanay ng mga programa sa mga komunidad na nagdadanas ng pagkabahala, bilang gamit upang patubuin ang pakipag-uunawaan, pahusayin ang pakipagtulungan, at hadlangan ang mga hindi pagkasundo sa hinaharap. Ang tauhan ng CRS ay mga propesyonal na tagapamagitan, facilitator tagapadali, tagasanay at kasangguni na may karanasan sa pagsasama-sama ng mga kasapi sa komunidad upang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga umiiral na pagtatalo at pigilan ang mga pagtatalo sa hinaharap.

## Saan Kami Nagsasagawa




**CRS Headquarters**
[punong himpilan]
Washington, DC

**Mga CRS Regional Office**
[sangay pampook]

**New England**
Boston, MA

**Northeast**
New York, NY

**Mid-Atlantic**
Philadelphia, PA

**Southeast**
Atlanta, GA

**Midwest**
Chicago, IL

**Southwest**
Dallas, TX

**Central**
Kansas City, MO

**Rocky Mountain**
Denver, CO

**Western**
Los Angeles, CA

**Northwest**
Seattle, WA

**Mga CRS Field Office**
[sangay panglarangan]

Miami, FL
Detroit, MI
Houston, TX
San Francisco, CA

## Hanapin kami, makitungo sa amin

**www.justice.gov/crs**

facebook.com/DOJCRS/ @DOJ_CRS askcrs@usdoj.gov 202.305.2935

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o mga ibang serbisyo ng CRS, makiugnay sa inyong lokal na tanggapan ng CRS: https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices